Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Sangay ng Quezon
Rehiyon IV-A CALABARZON

Ika – 20 ng Hunyo, 2017

PANDIBISYON KALATAS
Bilang 161 s. 2017

## IKA- 11 PANSANGAY NA GAWAING KAPULUNGAN NG GATFILZON

DEPED QUEZON ICT
UPLOADED BY: Gian
DATE: 7-4-17 TIME: 4:41

PARA SA : Mga Pangalawang Tagapamanihala, Tagamasid Pampurok,Punongguro,
Ulong Guro at Kahalig na Tagapamuno, Elementarya/ Sekundarya

1. Bilang tugon sa nakasaad sa" Constitution and Bay Laws", gamit ang temang" GATFILZON: Kaagapay ng DepED Quezon sa Paghubog ng Kaguruang may Kasanayang pang –ka-21 Siglo," muling isasagawa ng GATFILZON (Guro at Tagapagtaguyod ng Filipino sa Quezon) ang ika- 11 Pansangay na Gawaing Kapulungan ng GATFILZON sa ika- 5 ng Agosto, 2017 sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Lutucan, Lutucan, Sariaya, Quezon.

2. Mga Layunin:
   a. Makakamit ng mga makabagong kaalaman, teknik at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.
   b. Makapagbahaginan ng mga kalakasan at mataas na antas ng performans at kaalaman mula sa kaguruan ng iba't ibang paaralan sa Sangay ng Quezon.
   c. Makapagsagawa ng orentasyon tungkol sa mga gawain na nakapaloob sa pandibisyon, panrehiyon at pangnasyunal na kalatas at kautusan sa Filipino.
   d. Mapagtibay ang mga isinagawang pagsususog sa Saligang Batas ng GATFILZON,
   e. Mapataas pa ang MPS ng Filipino bilang ambag sa pangkalahatang MPS ng Quezon.

3. Magbabahagi sina Prof. Genaro R. Gojo- Cruz, Kolehiyo ng Sining at Letra, Pamantasang Dela Salle, Taft Avenue, Manila ng tungkol sa "Malikhaing Pagsulat: Yaman at Galing ng Kaguruang Filipino". Magsasagawa ng presentasyon sa mga Gawaing Saliksik sa Filipino sina MT II Sharon A. Villaverde, MT II Ma. Teresa Lucila at MT II Patricio Abuel. Ipapakitang – turo nina EGT II Joe Anthony Casareo, SST III Rose Ann O. Coronacion at SST III Belinda Aviles ang paggamit ng Kagamitang Lokal sa pagtuturo ng panitikan at gramatika, elementarya at sekondarya.

4. Ang pagtitipon ay dadaluhan ng kaguruang miyembro at pinuno ng samahan at ng iba pa na may interes sa pagpapalago ng kasanayan at kakayahan sa pagtuturo ng Filipino. Sila ay kinakailangang humingi ng kapahintulutan mula sa kanilang Punongguro,

Tagamasid Pampurok at kinauukulang pinuno ng paaralan. Para sa maayos na paghahanda, hinihiling na isang linggo bago sumapit ang pagtitipon ay magpadala ng talaan ng mga dadalo mula sa bawat paaralan na may lagda ng mga binanggit na pinuno sa sdo.quezon.filipino @gmail.com o sa tanggapan ni EPS Joseph E. Jarasa. Puwede ring makipag-alam sa mga sumusunod:

Agnes P. Caparros (Elementarya) Cp no. 09474940351 o FB Account – Agnes P. Caparros

Gng. Mitzi G. Canaya (Sekondarya) CP No. 09498605280 o FB Account – Mitzi Reyes Canaya

Gng. Elenita G. Fabro (Sekondarya) CP No. 09773286134 o FB Account – Elenita Gutierrez Fabro

5. Bawat kalahok ay inaasahang magdadala ng PHP 100.00 bilang tulong pinansyal na gagamitin para sa pagkain ng mga panauhin, dekorasyon, sertipiko, sound system, simpleng" token" sa mga tagapanayam at iba pa.

6. Inaasahan ang malawakan at maayos na pagpapakalat ng KALATAS na ito.

**MERTHEL M. EVARDOME, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan